Marshall

# MAJOR V – BLUETOOTH HEADPHONES

## KUMPLETONG ONLINE NA MANUAL

# NILALAMAN

**INDEX**


**Pagsisimula** ..... 005

**Knob ng kontrol** ..... 005

**Pag-charge sa mga headphone** ..... 005

**Spotify Tap** ..... 006

**M-button** ..... 006

**Pagkonekta ng 3.5 mm na sound device** ..... 006

**Pagkonekta ng mga headphone sa iyong Major V** ..... 006

**Paglilinis ng iyong Major V** ..... 007

**Gabay sa pag-aalaga ng baterya** ..... 008

**Pagpapares ng bagong device** ..... 008

**Pag-reset sa mga headphone** ..... 009

**Pag-troubleshoot** ..... 010

# LAYOUT NG DEVICE

# WIKANG FILIPINO

# LAYOUT NG DEVICE WIKANG FILIPINO

### 1 NAKO-CUSTOMIZE NA M-BUTTON

Pindutin ang M-button para masimulan ang musika gamit ang Spotify Tap. Mako-customize ang M-button sa Marshall Bluetooth app.

### 2 LED NA INDICATOR

Ipinapakita ng LED ang antas ng baterya habang nagcha-charge, pula hanggang orange hanggang berde (0–100%). Kumikislap ito nang asul habang nasa Bluetooth pairing mode at puti habang naghahanap ng device. Nakapirmi na puting ilaw ang LED kapag nakakonekta ito.

### 3 KNOB NG KONTROL

Gamitin ang knob ng kontrol, na matatagpuan sa kanang ear cup para kontrolin ang iyong musika, mga tawag sa telepono, at iba pa.

### 4 WIRELESS NA PAG-CHARGE

I-charge ang mga headphone sa pamamagitan ng paglalagay ng kanang ear cup nang nakataob sa isang wireless na charging pad.

### 5 3.5 MM NA AUX INPUT/OUTPUT

Gamitin ang kasamang 3.5 mm na lead at isaksak ito sa analogue output ng isang sound device o magsaksak ng isa pang set ng mga headphone at makinig nang magkasama.

### 6 USB-C NA POWER INPUT

I-charge ang mga headphone sa pamamagitan ng pagsasaksak sa USB na power source.

# MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

## PAGSISIMULA

I. Pindutin nang matagal ang knob ng Kontrol hanggang sa maging mabagal na asul na ilaw ang LED.
II. Piliin ang **MAJOR V** mula sa listahan ng Bluetooth® ng iyong sound device.
III. I-download ang Marshall Bluetooth app at sundin ang mga tagubilin sa loob ng app para kumpletuhin ang pag-set up.

## KNOB NG KONTROL

Gamitin ang knob ng kontrol, na matatagpuan sa kanang ear cup para kontrolin ang iyong musika, mga tawag sa telepono, at iba pa.

- Power on/off – pindutin nang matagal nang 1 segundo
- Mag-play/mag-pause – pindutin nang isang beses
- Lumaktaw pabalik/pasulong – pindutin pakaliwa/pakanan
- Lakasan/hinaan ang volume – pindutin pataas o pababa
- Tanggapin/ibaba ang isang tawag – pindutin nang isang beses
- Tanggihan ang isang tawag – pindutin nang dalawang beses
- Pagpapares ng Bluetooth, naka-off ang mga headphone – pindutin nang matagal nang 2 segundo
- Pagpapares ng Bluetooth, naka-on ang mga headphone – pindutin nang dalawang beses

## PAG-CHARGE SA MGA HEADPHONE

Gumamit ng wireless na charger o isaksak ang mga headphone sa isang USB na power source para i-charge ang mga ito. Fully charged na ang mga headphone kapag nakapirmi na berdeng ilaw ang LED na indicator.

Para i-charge ang mga headphone gamit ang wireless na charger, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Ilagay ang mga headphone nang nakalapat ang kanang ear cup sa wireless na charging pad.
II. Siguraduhing umiilaw ang mga LED na ilaw na nagsasabi na naka-charge ang mga headphone.
III. Fully charged na ang mga headphone kapag naging nakapirmi na berdeng ilaw ang LED na indicator.

# MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

## SPOTIFY TAP

Dumiretso sa musika gamit ang Spotify Tap. Saan ka man dalhin ng iyong araw, ang Spotify Tap ang pinakamadali at pinakapersonal na paraan para dalhin ang iyong musika, at handa ito sa loob ng ilang segundo.

I. Pindutin ang M-button para mag-play ng rekomendasyon batay sa gusto mong pinakikinggan.
II. Pindutin ulit ang M-button para sa susunod na rekomendasyong ginawa para lang sa iyo.

Para gamitin ang Spotify Tap, siguraduhing updated ang iyong Spotify app.

## M-BUTTON

Pindutin ang M-button para mag-access ng custom na aksyon, na mapipili sa Marshall Bluetooth app. Bilang default ang aksyon ng M-button ay ang Spotify Tap.

## PAGKONEKTA NG 3.5 MM NA SOUND DEVICE

Gamitin ang kasamang audio lead para kumonekta sa isang analogue audio output.

Tandaan: Siguraduhing nakatakda ang volume ng sound device sa mababa bago isaksak ang mga headphone.

I. Isaksak ang audio lead sa 3.5 mm na AUX port sa mga headphone, at ang 3.5 mm na stereo output sa sound device.
II. Siguraduhing naka-pause ang anumang Bluetooth audio at magsimulang mag-play sa sound device.

## PAGKONEKTA NG MGA HEADPHONE SA IYONG MAJOR V

Hayaan ang isang kaibigang ikonekta ang kanyang mga headphone sa 3.5 mm na AUX port sa iyong Major V at makinig nang magkasama.

I. Siguraduhing nakakonekta ang Major V sa sound source sa pamamagitan ng Bluetooth.
II. Isaksak ang 3.5 mm na jack ng isa pang pares ng mga headphone sa 3.5 mm na AUX port sa Major V.

# MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

## PAGLILINIS NG IYONG MAJOR V

Palaging nadidikit sa iyong balat ang mga headphone at kung minsan ay sa loob ng matagal na panahon. Paglipas ng panahon, maaaring magdulot ito ng pamumuo ng dumi at langis na makakaapekto sa performance at magdulot ng iritasyon sa balat. Regular na linisin ang iyong mga headphone para mapanatiling bago ang mga ito at mas magtagal ang mga ito.

Bunutin ang anumang cable bago linisin ang mga headphone. Siguraduhing ganap na natuyo ang lahat bago i-charge ang mga baterya, ikabit ang anumang cable, o gamitin ang mga headphone.

Alisin ang mga ear cushion bago ikutin ang mga ito nang anticlockwise at linisin ang mga ito nang hiwalay. Para ibalik ang mga ear cushion, ilagay ang mga ito sa mga ear cup, nang nakatagilid sa 45° na anggulo, at ikutin ang mga ito nang clockwise para i-lock ang mga ito.

Dahan-dahang linisin ang mga headphone, headband, ear cushion, at cable gamit ang lint-free cloth, basain nang kaunti ng:

- tubig,
- 70% isopropyl alcohol, o
- 75% ethyl alcohol

Iwasang mapasukan ng moisture ang anumang butas o sa speaker mesh. Maingat na linisin ang mga bahaging iyon gamit ang tuyo at malambot na brush, o isang cotton swab.

- Huwag gumamit ng anumang matalas na bagay.
- Huwag gumamit ng compressed air.
- Huwag gumamit ng mga produktong may bleach o hydrogen peroxide.
- Huwag ilubog ang mga headphone sa anumang cleaning agent.
- Huwag banlawan ang mga headphone sa ilalim ng dumadaloy na tubig.

# MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

## GABAY SA PAG-AALAGA NG BATERYA

Mayroong mga high-performance lithium-ion battery ang iyong mga headphone na may tagal ng baterya na naaapektuhan ng pagcha-charge at paggamit. Sundin ang mga alituntunin sa ibaba para manatiling maayos ang iyong mga baterya hangga't posible.

- Iwasang gumamit ng mga fast charger kung posible. Hindi nakakabuti ang fast charging sa baterya at nakakasira ito dito.
- Iwasang hayaang ganap na maubos ang baterya o i-charge ito kapag puno na ito. Subukang panatilihin ang charge sa pagitan ng 30% at 80%.
- Kung na-store nang matagal na panahon ang mga headphone, inirerekomendang i-charge ang mga ito sa humigit-kumulang kalahati ng charge at pagkatapos ay mag-factory reset. I-store ang mga headphone sa malamig, madilim, at tuyong lugar.
- Iwasang gamitin at i-charge ang mga headphone sa maiinit at walang hanging lugar na may temperaturang 45°C/113°F pataas.
- Iwasang i-charge ang baterya sa malalamig na temperaturang wala pang 10°C/50°F at iwasang gamitin ang mga headphone sa temperaturang wala pang 0°C/32°F.
- Iwasan ang malalakas na pagkakabunggo gaya ng pagkahulog ng mga headphone sa matitigas na surface dahil posible nitong mapinsala ang mga baterya.

I-download ang Marshall Bluetooth app at piliin ang antas ng preservation ng baterya na pinakanaaangkop sa iyo at sa mga headphone mo.

## PAGPAPARES NG BAGONG DEVICE

Puwedeng ikonekta ang Major V sa dalawang device sa isang pagkakataon at naaalala nito ang hanggang 10 dating nakapares na device. Kapag nasasaklawan, susubukan nitong kumonekta ulit sa huling nakakonektang device.

I. Mag-umpisa nang naka-on ang mga headphone.
II. Pindutin nang dalawang beses ang knob ng Kontrol at magiging mabagal na asul na ilaw ang LED.
III. Piliin ang **MAJOR V** mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.

## PAG-RESET SA MGA HEADPHONE

Kung mali-mali ang paggana o hindi tumutugon ang iyong mga headphone, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Pindutin nang matagal ang control jog nang 10 segundo para i-restart ang mga headphone.

Kung magpapatuloy ang problema, mag-factory reset.

Tandaan: Made-delete nito ang lahat ng setting ng user at kakailanganing ipares ulit ang mga headphone.

I. Alisin ang **MAJOR V**, at **MAJOR V [LE]** kung mayroon, mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device at ng Marshall Bluetooth app.
II. Pindutin nang matagal ang control jog at ang M-button sa loob ng 10 segundo at i-release kapag naging kulay purple ang LED na indicator.
III. Naibalik na ang mga headphone sa mga factory setting nito at handa nang ipares, tingnan ang seksyong Pagsisimula.

### MARSHALL BLUETOOTH APP

I-download ang Marshall Bluetooth app para masulit ang iyong earbuds at mapanatili itong updated sa pinakabagong software.

GET IT ON Google Play

Download on the App Store

# PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

| PROBLEMA | DAHILAN | PAGKILOS |
|---|---|---|
| **Hindi nao-on ang mga headphone** | Ubos na ang baterya. | Gumamit ng USB power source o wireless na charging plate para i-charge ang mga headphone. |
| Hindi makakonekta o makapares sa Bluetooth device | Hindi naka-enable ang Bluetooth sa iyong device (smartphone, tablet, computer). | I-activate ang Bluetooth sa iyong sound device. |
| | Wala sa pairing mode ang mga headphone. | Sundin ang tagubilin sa Pagpapares ng bagong device. |
| **Mali-maling paggana** | Hindi ginagamit ng mga headphone ang pinakabagong bersyon ng firmware. | I-download ang Marshall Bluetooth app at ikonekta ito sa mga headphone. Sundin ang mga tagubilin sa app para matiyak na ang pinakabagong bersyon ng firmware ang nasa Major V. |
| | May error sa software. | Mag-factory reset, tingnan ang seksyon Pag-rest sa mga headphone.<br><br>Kailangang i-set up ulit ang mga headphone. |

# PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

| PROBLEMA | DAHILAN | PAGKILOS |
|---|---|---|
| **Hindi nagsisimula ang Spotify** | Hindi naka-install ang Spotify app sa iyong sound device. | I-install ang pinakabagong bersyon ng Spotify app sa iyong sound device. |
| | Naka-configure ang M-button gamit ang ibang aksyon. | I-download ang Marshall Bluetooth app at ikonekta ito sa mga headphone para i-customize ang M-button behavior. |

All intellectual property in the product and packaging (including the MARSHALL trade mark, copyright, designs, and patents) are owned by Marshall Group AB and may not be used without permission. All rights reserved. The Bluetooth® wordmark and logos are registered trademarks owned by the Bluetooth SIG, Inc. and any use of such marks by Marshall Group AB is under license. Google Play is a trademark of Google LLC. App Store is a service mark of Apple Inc., registered in the U.S. and other countries Marshall Group AB, Centralplan 15, 111 20 Stockholm, Sweden. R 1.0